Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang panghalip na pananong

Panuto: Salungguhitan ang panghalip na pananong na bubuo sa tanong. Pumili sa tatlong panghalip na pananong sa loob ng panaklong.

1. (Sino, Ano, Kanino) ang pangalan ng batang nakataas ang kamay?
2. (Kanino, Sino, Alin) ang nagbigay sa iyo ng walis na iyan?
3. (Ano, Alin, Sino) ang inutusan mong maghatid ng baon kay Carla?
4. (Ano, Kanino, Alin) ang ipapaayos ni Tatay, ang motorsiklo o ang sasakyan?
5. (Ano, Kanino, Alin) ang bibilhin ni Ate Miranda sa tindahan?
6. (Sino, Ano, Kanino) ang lider ninyo sa klase?
7. (Ano, Kanino, Alin) ka sasama pag-uwi mo galing eskuwelahan?
8. (Sino, Ano, Kanino) ang panyo na nahanap mo?
9. (Anu-ano, Sinu-sino, Kani-kanino) ang mga mag-aaral na pinili ng guro?
10. (Ano, Alin, Sino) ang mas mahirap gawin, ang pagluto o ang paglaba?
11. (Anu-ano, Sinu-sino, Kani-kanino) ang mga ulam na binebenta riyan?
12. (Ano, Alin, Sino) ang kakainin natin mamayang hapon?
13. (Alin, Kanino, Sino) ang nakaupo sa tabi mo?
14. (Sino, Sinu-sino, Anu-ano) ang mga nagboluntaryong maglinis ng silid-aralan?
15. (Anu-ano, Sinu-sino, Kani-kanino) ang mga tsinelas na nakakalat sa harap ng pinto?
16. (Kanino, Sino, Alin) ka humiram ng trapo?
17. (Ano, Anu-ano, Sino) ang mga gamit na kailangan natin sa paglilinis?
18. (Alin, Kanino, Sino) ang silya sa likuran?
19. (Sino, Sinu-sino, Anu-ano) ang magbabantay sa mga naglilinis dito?
20. (Kanino, Sino, Alin) ang dapat linisin muna, ang pisara o ang mga bintana?